

Pagtatayo ng Kawanihan ng Pagsasalin sa Filipinas, isinulong ng mga delegado ng Kongreso sa Salin

Isang Kawanihan ng Pagsasalin na magiging sentro ng opisyal na mga gawain sa pagsasalin ang nangunang resolusyon na ikinasa ng mga lumahok sa kakatapos pa lamang na Kongreso sa Salin noong 7–9 Agosto 2014, Unibersidad ng Pilipinas Visayas, Lungsod Iloilo.

Sa temang *Ang Pagsasalin Bilang Pambansang Pangangailangan*, nagtipon-tipon ang mahigit 60 tagasalin, dalubwika, guro, at mga mag-aaral sa Kongreso na iginayak ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) kasama ang Sentro ng Wikang Filipino ng Unibersidad ng Pilipinas Visayas.

Sa unang araw, nagbigay ng bating pagtanggap si Dr. Rommel A. Espinosa, Chancellor ng UP Visayas. Sumunod ang mensahe ni Virgilio S. Almario, Tagapangulo ng KWF at Pambansang Alagad ng Sining. Matapos ay nagpanayam sina Dr. Rosalina J. Villaneza, Puno ng MTB-MLE Secretariat ng DepEd (*Kontekstuwalisasyon at Lokalisasyon ng mga Kagamitang Pampagtuturo*); Atty. Persida Rueda-Acosta, Chief Public Attorney ng Public Attorney's Office (*Ang Pagsasalin Bilang Pangangailangan sa Larang ng Batas*); Luz B. Tagunicar, Supervising Health Officer ng Kagawaran ng Kalusugan; at Dr. Rosario Butron-Dizon ng Mindanao State University-Iligan Institute of Technology (*Balangkas ng Kasunduan sa Kapayapaan: Isang Usaping Translatolohikal*).

Nagpanayam sa ikalawang araw sina Dr. Severino Capitan, Propesor sa Klaster ng mga Agham at Paghahayupan at Pagatasan ng Unibersidad ng Pilipinas Los Baños (*Ang Pagsasalin Bilang*

Pangangailangan sa Agham at Teknolohiya); Godfrey Jao ng Project NOAH (*Ang Importansiya ng Pagsasalin sa Komunikasyon ng Pagtugon sa Kalamidad*); Mark Jethro Bumatay, Puno ng Translation Department ng Watch Tower Bible and Tract Society (*Ipinahahayag ang 'Mabuting Balita sa Bawat Bansa, Tribo, at Wika'*); Dr. Anicia Villa del Corro, Translation Consultant, Philippine Bible Society (*Ang Pagsasalin ng Bibliya: Kasaysayan at Direksiyon*); at Guita T. Gopalan, Managing Director, Colayco Foundation (*Pagsasalin sa Filipino ng mga Terminong Ginagamit sa Pagtuturo ng Kaalamang Pinansiyal*).

Sa ikatlong araw, huling nagbigay ng panayam si binibining Charie Villa, Puno ng Balita ng Regional Network Group ng ABS-CBN (*Ang Kahalagahan ng Wikang Pambansa at Pagsasalin sa Media*).

Nagsagawa rin ng mga palihan para sa salin sa una at ikalawang araw sina Dr. Michael M. Coroza ng Ateneo de Manila University at Roberto T. Añonuevo, Direktor Heneral ng KWF.

Lumikha ng dalawang resolusyon ang mga kalahok. Unang pinagtibay ang pagtatayo ng isang Kawanihan ng Pagsasalin na mangangasiwa sa lahat ng mga pagsasalin sa Filipinas. Isinulong rin ng mga kalahok ang pagtatakda ng mga kurso sa pagsasalin sa antas sekundarya at tersiyara.

Para sa kopya ng mga resolusyon, i-click lamang link sa ibaba:

Mga Resolusyon sa Kongreso sa Salin